# KAPAYAYAPAAN



"Kung nalalaman mo lamang ngayon kung ano ang makakapagdulot sa iyo ng kapayapaan." (Luke 19:42).

Kung titingnan natin lahat ng mga nagyayari sa ating kapaligiran, makikita natin at maliwanang na wala tayong kapayapaan sa daigdig na ito. Sapagkat sa lahat ng dako naririnig natin lahat ng klase ng kasamaan tulad ng mga nagaganap na giyera sa ngayon sa Gulfo dahil lamang sa kasakiman at inggitan ay nagkaroon na ng mga patayan o labanan sa isat-isa. Maliwanang na ang mga nangyayari sa ngayon ay palubha ng palubha, patotoo lamang sa sinabi ng Panginoon na lalago ang kasamaan sa mundong ito kapag malapit na siyang dumating. Siguro ay malapit na.

Marami sa ating mahuhusay na tao ang matagal ng gumagawa ng paraan upang manumbalik sa tao o magkaroon tayo ng kapayapaan sa daigdig na ito subalit isa man sa kanila ay walang nagtagumpay. Hindi lamang sa sanlibutang ito, kundi maging sa sarili nating tahanan ay nawawala rin ang kapayapaan. Higit sa lahat, sa malaking bahagi ng mundong ito ay wala ang kapayapaan sa kanilang puso at ito ang pinagmulan ng lahat ng mga kasamaan kaguluhan na nagaganap sa ngayon.

**BAKIT NAWALA ANG KAPAYAPAAN?**
Sa simula ay ginawa ng Diyos ang mundo at maging ang lahat ng mga bagay na nasa ibabaw nito katulad ng halaman, punongkahoy, bulaklak at lahat ng mga hayop na naninirahan sa lupa maging sa tubig at himpapawid. Ang Diyos ay lumikha rin ng tao ayon sa kanyang wangis. Una ay lalaki at Adan ang pangalan, upang maging maligaya si Adan, lumikha ang Diyos ng bababe sa pamamagitan ng tadyang ni Adan upang magkaroon ng kasamang bababe si Adan at ang babae ay pinangalanan niyang Eba. Sila ay namuhay ng mapayapa at masagana. Silay ay hindi natatakot sa mga hayop at maging ang mga hayop ay namumuhay ng mapayapa at masagana. Ang leon at tigre ay hindi mabangis at nakakasunod ang mga tupa sa kanila ng walang awayan.

Higit sa lahat mayroong kapayapaan sa pagitan ng Panginoon at ng tao. Sapagkat ang Panginoon ay nakakalabas at nakakausap ni Adan at ni Eba. Wala silang pag-alalang nadarama sa kanilang mga puso bagkus ay palagi silang galak sa pagdating ng Panginoon at ng makausap nila.

Subalit ng dumating si Satanas na kaaway ng kapayapaan at matapos tuksuhin si Eba na nag-aanyong ahas na si Satanas, biglang naglaho ang kapayapaan sa kanilang buhay, dahilan lamang sa isang pagkakasala o pagsuway sa ipinagbabawal ng Panginoon. Si Satanas ang ama ng kasamaan ay sinabi sa kanila na hindi sila mamamatay kahit pa kayo ay kumain ng bungang kahoy at suwayin ang ipinagbabawal ng Panginoon. Subalit si Eba ay sadyang marupok at mas binigyang halaga nila ang salita ng ama ng kasamaan at maging si Adan ay nadamay sa pag-aakalang tama ang sinabi sa kanila. Katulad ng marami sa atin ngayon mas binibigyan halaga o pansin ang tinig ng masasamang tao kaysa tinig a salitá ng Panginoon. At mula noon sa pamamagitan lamang ng pagsuway sa Panginoon, nawasak at naglahong lahat ang dati ay mapayapang tirahan at humantong sa pagkakaroon ng takot at alalahanin. At ng isang gabi ay dumating ang Panginoon para sila ay kausapin, sila ay natakot na at nahiya at sila ay nagtago dahilan sa kanilang nagawang kasalanan. Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan niya. Sa madalit sabi ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. At maging tayong lahat sa ngayon ay nagkakasala at hindi tayo makakaligtas sa Panginoon . (Roma 5:12; 3:23). Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos. Gayon man dahil sa kanyang kagandahang loob ay pinawalang sala sila sa pamamagitan ni Cristo Jesus na nagpalaya sa knila.

**IBIG NG PANGINOON NA IBALIK ANG KAPAYAPAAN SA MUNDO**

Ng ang Panginoon ay tumunghay sa lupa at nakita niya ang kasamaan ng tao, pinadala niya ang kanyang bugtong na anak na ipinanganak sa sabsaban na sa simula pa lamang ay tinaggihan na ng tao. Bawat taon sa pagsapit ng pasko ating ginugunita ang salita ng anghel ng Panginoon. "Huwag kayong matakot at ako ay maydalang mabuting balita para sa inyo na nagdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong tagapagligtas ang Kristong Panginoon. Ito ang palatandaan, matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban. Biglang lumitaw sa tabi ng anghel, ang isang malaking hukbo ng kalangitan na nagpupuri sa Diyos. Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa ay kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. (Luke 2:10). Ang Panginoon Jesus ay pinadala sa atin upang magbigay liwanag ng lahat ng nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan sa daan ng kapayapaan. (Luke 1:79). Ephesian 2:14 ay nagsabi rin na ang Panginoon Jesus ay siyang nagdala sa atin ng kapayapaan. Ipinadala sa atin ng Amang kataastaasan ang Hari ng Kapayapaan at kung ang mga ninuno natin ay tinanggap lamang ang Hari ng Kapayapaan, tayo sana ay namumuhay ng mapayapa at masagana sa piling ng ating Panginoon na siyang Hari ng Kapayapaan, sa ngayon.

**ANO ANG GINAWA NG TAO SA IPINAGKALOOB NA KAPAYAPAAN SA ATIN**

Kagaya ni Adan at ni Eba ang mga Jewish at ibang mga tao noon at sa ngayon ay mas gusto nila ang sumuway sa kautusan ng Panginoon. Mas gusto nilang ang sundan ay Hari ng kasamaan na si Satanas. At ito ay pinatunayan nila ng si Pontio Pilato ay naghatol kung sino ang pakakawalan, ng ang Panginoon Jesus ay hahatulan, kung si Jesus o si Barabas. At sumigaw ang mga taong halos ay

kanyang natulungan at pinagaling bilang hudyat ng hatol "Parusahan si Jesus at si Barabas ay pakawalan. Sa madalit sabi, patunay lamang ito na ayaw ng tao sa Hari ng kapayapaan at bagkus ang gusto ay kasamaan. Ang umiiral noon at sa ngayon ay halos magkatulad. Binigyan tayo ng kalayaan. Puwede natin piliin at tanggapin sa ating puso ang Panginoon upang siya ay maging gabay natin at tagapagligtas at ng tayo ay magkaroon ng kapayapaan sa ating buhay, Sinabi siya sa mga apostol noon – Kapayapaan ang iiwan ko sa inyo, ito ay aking kapayapaan na nagmumula sa akin at ibibigay ko sa inyo, hindi ito ang ibinigay ng sanlibutan. Huwag tayong mabalisa at huwag tayong matakot. (John 14:27). Ang kasalanan ng tin ang nagtaboy o nagpalayo sa atin at ng Panginoon, At kahit sa kaunting pagkakasala natin ay wala rin tayong kapayapaan sa ating mga sarili. Subalit ang Panginoon dahil sa kanyang pagmamahal sa atin ay palaging nakaabang at naghihintay sa sino mang nilalang na magbalik-loob sa kanya at upang sa gayon kilanlanin din na mga anak ng Diyos at ng sa gayon din ay manumbalik sa atin ang tunay na kapayapaan.

Nasasaad sa Roma 5:1 "Ngayon natayo binigyan ng tamang daan ng Panginoon dahilan sa ating pananalig, mayroon na tayong kapayapaan sa pamamagitan ng Panginoon Jesus." Walang sino mang makapagbibigay sa atin ng kapayapaan kundi siya lamang ang Panginoon Jesus. Hindi natin makakamtan yan sa pamamagitan ng karangyaan, pagpapatanyag, paglalasing o pagsunod sa lahat ng kalayawan at pagpalista sa simbahan ng lahat ng ibinibigay at iba pang mga bagay. Walang ibang daan para makamtan natin ang kapayapaan kundi ay sa pamamagitan ng Panginoon Jesus. Pagsisihan natin ang lahat ng mga nagawa nating kasalanan at hilingin natin ang kapatawaran sa kanya at sa ating kapuwa at lumayo na tayo sa pagkakasalang muli. At kung taos sa puso nating ang ating pagsisisi at paghingi ng tawad, siya ay may pangako at tututaprin niya ang kayang pangako at ibibigay sa ating mga kahilingan. Gayon din ilalayo pa tayo sa anumang pagkakasala pa. (1 John 1:9). Ang kapayapaan na ibinigay niya sa atin ay yaong kapayapaan na di maisip subalit ito ay mananatili sa ating mga puso't isip sa pamamagitan ng Panginoon Jesus. (Phil. 4:7). Hindi maipaliwanag ng tao subalit ating mararamdaman sa ating pang-araw-araw na buhay, kung tayo ay kusang lumalayo sa ano mang pagkakasala at magbalik loob sa Panginoon, gayon din maglingkod sa kanya ng tapat. Tayo ay makapamuhay kahit walang kapayapaan subalit mahirap mamamatay ng walang kapayapaan. Dahilan sa ang pagpasok sa kaharian ng Panginoon ay hindi nababatay sa pagkain at inuman kundi sa pagiging matuwid, pagkakasundo, sundo at kagalakan ng pusong kaloob ng banal na espirito. Kayat kung wala sa atin ang kapayapaan sa ating puso, kapag tayo ay namatay, hindi rin tayo tatanggapin sa kanyang kaharian.

At kung hindi natin natatanggap ang Hari ng Kapayapaan, wala tayong ibang pupuntahan kundi impyerno kung tayo ay mamatay. Hindi lamang tayo basta mamamatay kundi ay mawawala tayo sapagkat sinabi ng Panginoon "Ang usok ng apoy na lumalagalag ay pumapailang lang hanggang sa katapusan o habang panahon. Ito ay walang katapusang impyerno sa lahat ng mga makasalanan at walang isa mang matuwid" (Roma 3:10) kung gusto natin mapunta sa langit, wala tayong ibang gagawin kundi ay tanggapin natin sa ating mga puso ang Panginoon at tayo ay magkaroon ng tunay na kapayapaan sa kanya. At maging gabay natin ang kapayapaan ipinagkaloob sa atin ng Panginoon. (Col. 3:15). "Ang kapayapaan ng Panginoon ay naghari sa ating mga puso dahil sa tayo ay nararapat sa tawag ng kapayapaan."

Sa tuwing sasapit ang pasko, ipinaalala sa atin ang pagdating ng Hari ng kapayapaan. At kung mahal na araw naman, ipinaalala rin sa atin kung paanong ang tao ay tinanggihan Siya at pinarusahan at ipinako sa krus hanggang sa mamatay. Mga kapatid, kayo ba ay isa sa mga taong magtatakwil sa Kanya ang Hari ng Kapayapaan. Hindi pa huli, gawin natin ang desisiyon. Piliin natin ang tama na makapagbigay sa atin ng walang hanggang kapayapaan. At walang ibang paraan kundi ay tayo ay lumuhod sa Kanya at pagsisihan natin ang lahat ng ating mga kasalanan at hilignin na tayo ay ibalik sa grasya at magsimulang maglingkod sa iisang Panginoon. Maging sino ka man mayaman, mahirap at masama ay kailangan mo ang kaligtasan, kayat lumapit tayo ng taos sa puso at tayo ay tatanggapin Niya at hindi tayo mabibigo at ng maranasan natin ang kapayapaan sa Panginoon at ng makamtan ang walang hanggang kaligayahan na halos hindi natin maisalabi. (1 Pet. 1:8).

Sa isang serbisyo na katulad nito, may isang matanda na nagbigay ng kanyang karanasan o sharing. Ang sabi niya ay siya ay namumuhay sa isang bayan na apat ang naging Hari. Ang unang hari ay palaging ang gusto ay labanan o giyera. Ang pangalawa naman ay nagkaroon ng tag-gutom na halos kumain sila ng mga daga, damo at iba pang na halos hindi kinakain ng tao. Ang ikatlo naman ay nagkaroon ng labanan at sila ay nagtalo at sila ay naging alipin. Subalit ang sumunod na Panahon, binisita sila ng isang Hari, mabuti at maibiging Hari, at tinalo nila ang lahat ng kalaban at ang sinasabing Hari ay Hari ng kapayapaan, ang Panginoon Hesus. At mula noon namuhay sila ng mapayapa at masagana sapagkat tinanggap nila sa kanilang mga puso ang Hari ng kapayapaan.

Mga kapatid, panahon na upang ibigay natin ang ating mga sarili sa Panginoon. Siya ay paghariin sa ating mga puso ng sa gayon malayo na tayo sa ano mang gawang masama. Sapagkat ang gawang masama ay pagkakasala at ang pagkakasala ay pagsuway sa kautusan ng Panginoon. Upang makamtan natin ang tunay na kaligaya han at kapayapaan, tayo ay magbalik loob sa kanya at maglingkod ng tapat at panatilihin Siya sa ating ng apuso. Mahirap itong gawin subalit walang imposible sa Kanya, nasa atin ang desisyon.

---

Kindly write to us if you are able to assist us with further translations of our free Gospel literature, informing us of the language into which you could translate this Gospel literature. Your assistance would be appreciated.

If you have found salvation in Christ, or have been otherwise blessed through our Gospel literature, please let us know. We would like to thank God with you, and remember you further in our prayers.

For **free** Gospel literature, books and tracts in over 540 languages, write to:


**E-MAIL: info@angp.co.za**

**ALL NATIONS GOSPEL PUBLISHERS**

**P.O. Box 2191, PRETORIA, 0001, R.S.A.**

(A Gospel Literature Mission financed by donations)

(Reg. No. 1961/001798/08)